# The Bastion of Truth

November-December 2004

*Official newsletter of the Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines*

## Inside This Issue:


- Isang Kislap ng Repormasyon... **2**
- Ang Buod ng Tanging Ebanghelyong Nagbibigkis sa mga *BTRCs*..................... **4**
- Ang Kahulugan ng Pangalan At Sagisag ng *Bastion of Truth Refomed Church*……….. **5**
- *Act of Agreement* …………….. **8**
- *BTRC Directory* ……………… **12**
- *Announcements* ………………. **12**
- *Understanding Theological Terms* …………… **11**
- *Beware! False Gospel*………..**11**


# Maiden Issue: ang Ebanghelyo na aming Sinilangan

## Layunin ng *The Bastion of Truth*

1. Igabay ang mga mananampalataya sa Tunay at Tanging Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos
2. Ingatan ang mga mananampalataya laban sa iba't-ibang anyo ng mga bulaang ebanghelyo o katuruan na lumalaganap sa kasalukuyang panahon
3. Maipahayag nang buong linaw ang Tanging Ebanghelyo ng Diyos at nawa'y gamitin Niya ito sa pagtawag sa Kanyang mga hinirang na wala pa sa iglesia; at maging babala sa mga patuloy na lumalaban at tumatalikod sa Tunay na Ebanghelyo

— Lahat ng ito'y para sa kaluwalhatian ng Diyos ng biyaya.

# Isang Kislap ng 'Repormasyon'!

*Alex M. Aquino*

Apat na simbahan mula sa NCR at Southern Tagalog ang pormal na pumasok sa isang *Act of Agreement* noong April 26, 2004* upang magkaisang maging isang *Reformed denomination*. Kasama ang ilan pang manggagawa, lumagda sa kasunduan sina Ptr. Ronald Santos ng konggregasyon ng Lucban, Quezon, Ptr. Regine Capinig ng Lipa City, Ptr. Romel Espera ng Batasan Hills, Quezon City at Ptr. Alex Aquino ng Antipolo City. Sa hangaring maipahiwatig ang paninindigan sa biyaya at katotohanan ng Diyos ang ***Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines*** ang pangalang napagkaisahang iwagayway ng bagong dinominasyon at ng bawat lokal nitong simbahan.

## Mga Pasimula Sa Loob Ng Isang *Pentecostal Denomination*

Maliban sa konggregasyon sa Lucban na nagmula sa isang *Baptist background*, ang mga naturang simbahan ay minsang napabilang sa isang tanyag na *Pentecostal church*. Sa gitna ng mga *speaking in tongues, miraculous healing, prophecy, contemporary worship style* at talamak na *allegorical interpretation* ng Biblia nanungkulan si Ptr. Santos bilang *Director* at *teacher* ng isa sa mga *Bible Colleges* ng *denomination* habang nagsisilbing *associate pastor* ng isa sa mga pinakamalaki nitong simbahan. Ilan sa mga naging bunga ng *Bible College* at ng mga kumbiksyon ni Ptr. Santos ay sina Ptr. Aquino, Ptr. Capinig at Ptr. Espera at ilan pa na kasalukuyang kaisa ng BTRC. Sa mga pangkaraniwang sitwasyong ito, ay dumalaw ang mahabagin at mapagbiyayang Diyos upang sinagan ng Kanyang liwanag ang kanilang isipan.

## Pagbabadya ng "Repormasyon"

Sino ang mag-aakalang ang tensyong unti-unting bumibigat noon ay badya na pala ng 'Repormasyon.' Sukát ni Ptr. Santos ang kaniyang kakulangan sa kaalaman sa tapat at epektibong pangangaral ng Salita ng Diyos sa kabila na siya ang *teacher* sa *Expository Preaching* noon sa *Bible College*. Sinikap niyang mag-ipon ng maraming aklat tungkol sa paggawa ng *sermon* at matiyagang pinag-aralan ang mga ito. Samantala, natuklasan niya na hindi lamang ang "paraan" ng pangangaral ang dapat pagbuhusan ng panahon, kundi lalo't higit ang "mensahe" ng pangangaral. Sa kanyang pagsusuri nakatagpo niya ang konseptong *"Christ-centered preaching"*. Ito ang prinsipyo ng Biblia na sa bawat aklat nito (*Genesis* hanggang *Revelation*) ay itinuturo si Cristo bilang tanging lunas sa kasalanan at sa mga bunga nito.

> ***"…hindi lamang ang 'paraan' ng pangangaral ang dapat pagbuhusan ng panahon, kundi lalo't higit ang 'mensahe' ng pangangaral"***

Salungat ito sa talamak na nakagawian ng mga "*preachers*" na ang solusyon sa kasalanan at mga bunga nito ay ang magagawa ng tao at ang 'inspirasyon' ay hinuhugot sa ehemplo ng isang *Bible character*. Napakahalaga ng magkasalungat na prinsipyong ito (*Christ-centered vs. moralism* o *legalism*) sapagkat nakasalalay sa mga ito ang doktrina ng biyaya ng Diyos ukol sa kaligtasan. Mula dito ay ipinadpad ng biyaya ng Panginoon si Ptr. Santos sa pagkaunawa sa tunay na paraan ng pagliligtas ng Diyos sa makasalanan. Natuon ang kanyang atensyon at panahon sa pagsusuri sa mga aklat ng Roma at Galacia na maliwanag na itinuturo ang Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos. Ibinahagi niya ang kanyang mga natutunan sa mga kaibigan at ipinangaral ang aklat ng Roma sa mga estudyante ng *Bible College*. Sa panahong ito ng pagniningning ng

* *Tignan sa p.7 ang 'Act of Agreement'*

katotohanan, unti-unti nang nalalantad ang kadiliman ng aral ng naturang *Pentecostal church* na kinabibilangan niya. Dito na nagsimula ang 'krisis' para sa mga tinatawag ng Dios.

### *Between 'Comfort' and 'Conscience'*

Pinatuloy ng naturang dinominasyong *Pentecostal* sa kanyang mga pintuan ang mga bagong agos ng panahon sa larangan ng *Pentecostalism* at *Charismaticism*. Pumasok ang "*Power Encounter Retreat*" na isang anyo ng *'deliverance' ministry*, na seryosong banta sa katotohanang sapat na ang minsang handog ni Cristo para sa pagpapawalang-sala sa makasalanan. Pumasok din nang halos hindi namamalayan ang *'holy laughter'* mula sa mapaminsalang *'Toronto blessing'*. Wala na ring naging pakialam ang dinominasyon kung ano ang tamang paraan ng pag-unawa at pagpapaliwanag sa Biblia (Halimbawa: *'alllegorical'* o *'literal'*; *'eisegesis'* o *'exegesis'?*). Ipinahintulot nilang makapasok sa kanilang mga pintuan ang samu't saring aral maliban sa katotohanan. Kanilang pinagsarhan at mariing ipininid ang pintuan para sa katotohanan.

Hindi na ito malulunok pa ng mga nangagsisikapit sa katotohanan sa loob ng nasabing *Pentecostal denomination*. Di naglaon ang kanilang di-pagsang-ayon sa mga kalakarang ito ay nakatawag na ng pansin ng pamunuan. Minarkahan ang mga pastor, *graduates* at kasalukuyan noong estudyante ng *college* at tinagurian silang "*Baptists*," kung hindi man ay "*hypercalvinists*" o "*extreme*". Unang kinumpronta si Ptr. Santos ng nakatataas at mariing pinagsabihan na dapat niyang yakapin at ituro lamang "lahat" ng doktrina ng *denomination*, at huwag na huwag ituro ang *Christ-centered preaching* at ang kasapatan ng doktrina ng biyaya ng kaligtasan na nakay Cristo lamang. Sa wari niya'y kalabisan na ito at pagyurak sa katotohanan kaya't kaagad niyang ipinasyang magbitiw sa kanyang tungkulin kaysa maging kasangkapan ng kadiliman. Katumbas ito ng pagpili sa pagitan ng komportableng buhay at sa tapat na dikta ng kanyang 'kunsyensya.' Siya'y nagbitiw alang-alang sa katotohanan kapalit ng matiwasay at maginhawang buhay sa pananatili sa *denomination*. Hindi malilimutan ng kanyang mga kaibigan at kaisa noon ang minsan niyang sinabi na nakapagpalakas ng kanilang loob, "Bihirang dumating sa buhay natin ang pagkakataong makapanindigan tayo sa katotohanan. Ito na iyon…Ngayon na iyon!" Pagkatapos niya, ay isa-isa nang kinumpronta ang kanyang mga kaibigan na minarkahan sa parehong dahilan. Kaysa naman makiisa sa gawain ng kasinungalingan at kadiliman ay isa-isa silang nagsipagbitiw, palibhasa'y iisa lamang ang kilos sa kanila ng Diyos. Nagsipagbitiw ang mga pastor na may hinahawakang konggregasyon at ang iba nama'y mga estudyante pa na sa paninindigan sa katotohanan ay hindi inalintana na malapit na silang maka-*graduate*, tumigil sa kanilang pag-aaral sa dahilang lason lamang ang kanilang matututunan. Nilisan nila ang buhay at sistema ng paniniwala na ayaw pabihag sa tunay na pagkakilala kay Cristo. Ang noo'y badya pa lamang ng repormasyon, ngayon ay isa ng umuusad na kilusan sa isang maliit na samahan at kapatiran na walang makakanlungan kundi ang biyaya at katotohanan lamang ng Diyos.

> ***"Bihirang dumating sa buhay natin ang pagkakataong makapanindigan tayo sa katotohanan. Ito na iyon…Ngayon na iyon!"***

### Ikalawang "Exodo"

Sa pag-alpas ng samahang ito mula sa *Pentecostalism*, ilang *Calvinistic Baptists* ang nag-alok ng tulong lalung-lalo na sa larangan ng edukasyon sa *Reformed theology*. Noong una'y ikinagalak ito ng grupo sa pag-aakalang nasa loob na sila ng 'bakuran' ng mga tunay na Kristiyanong *Reformed*. Subalit hindi ito nagtagal. Sa tulong ng iba pang mga lathalain nagpatuloy sila sa pagsusuri at pag-aaral ng pananampalatayang *Reformed*.

*(sundan sa pahina 10)*

# Ang Buod ng Tanging Ebanghelyo na Nagbibigkis sa mga BTRCs

*Ronald R. Santos*

Ipinapahayag ng Ebanghelyo na ang lahat ng tao ay **Tunay na makasalanan**; lahat ay nagkasala at nawalan ng kabanalan sa paningin ng Diyos. Dahil patay sa kasalanan, wala siyang kakayahang iligtas ang kanyang sarili sa poot ng Diyos. Kung dito natapos ang kapahayagan ay lubhang nakakatakot sapagkat sa ganitong kalagayan tiyak na ang lahat ay mapapahamak, ngunit salamat sa Diyos at ipinahayag Niya ang Mabuting Balita ng kaligtasan. Ang Diyos lamang, wala ng iba pa, ang may '**Ultimong**' **Karapatang Pumili** ng Kanyang ililigtas, hindi tao ang pumipili sa Diyos kundi Diyos ang pumipili sa taong maibigan Niya upang iligtas. Bago pa lalangin ang lahat, ang Diyos ay pumili na ng Kanyang ililigtas at itong pamimili ay nakabatay lamang sa Kanyang kagandahang-loob at hindi sa gawa ng tao. Humirang Siya ng mga tao na babahagian Niya ng buhay. Ang mga hinirang ng Diyos ay pawang mga makasalan at lumapastangan sa kautusan at sa kabanalan ng Diyos. Kaya nga hinihingi ng kautusan na sila'y parusahan, subalit napakalaki ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang hinirang kaya kasama sa panukala Niya ang '**Limitadong**' **Pagtutubos** ukol sa mga hinirang. Sinugo ng Diyos Ama ang Kanyang Anak (si Cristo Jesus) upang sa Kanyang kabanalan at kamatayan ay tubusin Niya sa kasalanan ang Kanyang mga hinirang. Siya na banal ay itinuring na makasalanan at ang mga hinirang na makasalanan ay itinuring na matuwid batay sa katuwiran ni Cristo. Kasama sa pagtubos ang malayang pagkilos ng Banal na Espiritu sa kanila. Ang Kanyang pagtutubos ay *para lamang sa hinirang at hindi para sa lahat ng tao*. Ngunit paano nga ba na ang isang makasalanan ay makasasampalataya kay Cristo gayong patay siya sa kasalanan? Ang kasagutan ay nakasaad sa Ebanghelyo: bubuhayin siya ng **Imposibleng Matanggihang Pagkilos ng Banal na Espiritu**. Ang Diyos lamang ang makapagbibigay ng buhay sa patay sa kasalanan, at kapag buhay na, ay bibigyan Niya naman ng kakayahang makapagsisi sa lahat ng kasalanang nagawa pati na ang paniniwala sa bulaang ebanghelyo at pagsamba sa 'diyos' na di-nakapagliligtas. Pagkatapos ay pagkakalooban siya ng Banal na Espiritu ng kakayahang sumampalataya sa Tunay na Ebanghelyo. At lahat ng hinirang na tinubos ng dugo ni Cristo at binuhay ng Banal na Espiritu ay tiyak sa **Pagpapatuloy sa Kaligtasan**, sapagkat Diyos mismo ang nangako na kung ano ang sinimulan Niya ay Kanya rin namang tatapusin. Walang sinomang makakaagaw sa mga hinirang mula sa kamay ng Diyos. Sa katapusan ay tiyak na luluwalhatiin ng Diyos ang Kanyang Anak kasama ang mga hinirang na tinubos Niya ng Kanyang dugo. Ito ang Ebanghelyo! Ang kaligtasan ay nasa Diyos lamang! Wala sa tao! Purihin ang Diyos!

(*Note*: Sa mga susunod na isyu ng ***The Bastion of Truth*** ay detalyadong tatalakayin ang bawat bahagi ng Tanging Ebanghelyo)

> ***… bibigyan Niya naman ng kakayahang makapagsisi sa lahat ng kasalanang nagawa pati na ang paniniwala sa bulaang ebanghelyo at pagsamba sa 'diyos' na di-nakapagliligtas. Pagkatapos ay pagkakalooban siya ng Banal na Espiritu ng kakayahang sumampalataya sa Tunay na Ebanghelyo.***

# Ang Kahulugan ng Pangalan at Sagisag ng *Bastion of Truth Reformed Churches*

**Bas·tion (bas´chən, bas´ti-ən) [Filipino: tanggulan, muóg]**

Ang katumbas ng *Bastion* sa wikang Filipino ay TANGGULAN o MOOG, at sa pangalang BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ito'y tumutukoy sa Tunay at Tanging Dios sapagkat sa Biblia'y iisa lamang ang tinatawag na 'Tanggulan' o 'Kanlungan,' walang iba kundi ang Dios, *"Ang Panginoon ang aking malaking bato, at aking muog, at tagapagligtas ko, aking Diyos, aking malaking bato na sa kanya'y nanganganlong ako; aking kalasag, at siyang sungay ng aking kaligtasan, matibay na kuta ko."* (Awit 18:2; tignan din sa Awit 31:3; 71:3; 91:2; 144:2; 2Samuel 22:2; Jeremias 16:19).

**Truth (trōōth) [Filipino: katotohanan]**

Ang *Truth* sa BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ay katumbas ng KATOTOHANAN sa wikang Filipino. Ang Katotohanan ayon sa pakahulugan ng Biblia ay mismong Panginoong Jesus at lahat ng gawa ng Diyos sa pamamagitan Niya. Sa madaling salita, ang Katotohanan ay tinatawag ding Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos hinggil sa Panginoong Jesu-Cristo. Ang Ebanghelyo o Katotohanan ay nagmula sa Diyos at sa Panginoong Jesu-Cristo, hindi ito galing sa kaisipan o imbensiyon ng tao. Ito ay Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos sapagkat ito ay batay lamang sa kagandahang loob ng Diyos at hindi dahil sa gawa ng tao. Samakatwid, lahat ng katuruan sa Biblia na naghahayag ng biyaya ng Diyos ay bahagi ng Ebanghelyo o ng Katotohanan, kabilang na dito ang Pagplano, Paghirang, Pagtutubos at Pagpapabanal na gawa lahat ng biyaya ng Diyos. Ito ay Ebanghelyo hinggil sa Anak ng Diyos na si Jesu-Cristo sapagkat ang kaligtasan ng mga hinirang ayon sa panukala ay batay lamang sa Katuwiran (kabanalan at kamatayang nagtutubos) ng Panginoong Jesu-Cristo. Ito lamang ang ginagamit ng Diyos upang iligtas ang Kanyang hinirang at kailanma'y hindi Siya gagamit ng kasinungalingan sa pagliligtas.

**Reformed ( ri-fôrmd´ )**

Ang ugat sa wikang Filipino ng salitang *Reformed* ay ang 'Pagbabago,' subalit ang salitang 'Reformed' ay mas nakilala simula noong ika-16 na siglo nang ang mga naliwanagang Cristiano noon ay nagtangkang baguhin ang bulok na katuruan at ipinagtanggol naman ang katotohanan laban sa mga patutot na iglesia na yumakap sa katuruang *Arminianism*. Kaya naman ang katagang 'Reformed' sa BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ay nag-uugnay sa mga ninunong Cristiano na nagtaguyod ng mga Doktrina ng Biyaya ng Diyos na kanilang pinagtibay noong 1618-1619 sa *Synod of Dordt*. Ang Reformed sa BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ay nagpapahiwatig na ang katulad na katotohanan ng mga Banal na Kasulatan na ipinagtanggol ng tunay na mga anak ng Diyos sa lahat ng kapanahunan ay patuloy na itataguyod ng mga taga BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH.

**Church (chũrch)**

Ang *Church* sa BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ay katumbas ng 'Iglesia' sa wikang Filipino. Sa Banal na Kasulatan ito'y tumutukoy sa kalipunan ng mga tinawag mismo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Ebanghelyo at Banal na Espiritu. Bagama't nagkasala ay tinubos naman ng dugo ni Cristo at inaring ganap ng Diyos. Kaya sa BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ang salitang

***Ang Bastion of Truth Reformed Church ay kumikilala lamang sa mga iglesiang kapwa sumasampalataya sa Tanging Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos. Ang kalipunang gumagamit ng salitang 'Church' sa pangalan ngunit ibang ebanghelyo naman ang pinaniniwalaan ay hindi itinuturing ng Biblia na tunay na iglesia ng Diyos.***

'Church' ay nagpapaalala sa bawat isa na siya'y tinawag, iniligtas at itinuring na matuwid batay lamang sa katuwiran ng Panginoong Jesu-Cristo upang mapabilang sa iglesia na Kanyang tinubos ng Kanyang sariling dugo. Ang BASTION OF TRUTH REFORMED CHURCH ay kumikilala lamang sa mga iglesiang kapwa sumasampalataya sa Tanging Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos. Ang kalipunang gumagamit ng salitang *Church* sa pangalan ngunit ibang ebanghelyo naman ang pinaniniwalaan ay hindi itinuturing ng Biblia na tunay na iglesia ng Diyos. *(ni Ronnie Santos)*

## Ang Sagisag ng Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines

Ang sagisag ng BTRC ay kumakatawan sa aming pag-asa at paninindigan bilang isang samahan ng mga lokal na simbahang tinatawag na *Reformed*. Sa simula pa lamang, ang tanging batayan ng aming pagkakaisa ay ang tunay at tanging Ebanghelyo ng biyaya ng Dios. Mahalaga sa amin ito sapagkat ang Ebanghelyong ito ang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng sinomang sumasampalataya (Roma 1:16; 1 Corinto 15:1, 2). Ito rin ang mensaheng nagpapakilala at nagtatangi sa 'tunay na Cristo' ng Biblia sa panahong ito na laganap ang pangangaral ng mga 'huwad' na 'cristo' (Mateo 24:4, 5; Roma 1:2-4; 2 Corinto 11:4). Ang Ebanghelyo ding ito ang nagpapatunay kung sino ang totoong mensahero o mangangaral nito at naglalantad kung sino ang huwad at kasumpasumpa (Galacia 1:6-9).

Ang '**Tore**', **Moog** o **Tanggulan (*Bastion*)** ay sumasagisag sa katotohanan ng Dios bilang 'kanlungan' namin na walang pag-asa sa aming sariling karunungan at katuwiran upang panghawakan ang kaligtasan mula sa aming mga kasalanan (Filipos 3:8, 9). Ang katotohanan ding ito ay 'tanggulan' at 'katatagan' namin (Awit 46:1; Juan 17:11, 12, 17) laban sa mga pananalakay ng diablo sa pamamamagitan ng mga huwad at mapanlinlang na aral na inihahasik ng mga mangangaral ng relihiyon na naitakda na nang una pa sa kapahamakan (2 Pedro 2:3; Jude 3). Mula dito ay sumisibol ang aming pananagutan na ingatan at ipagtanggol ang katotohanang ito hanggang kamatayan (Filipos 1:7).

Ang limang mistulang 'ngipin' sa tuktok ng 'tore' ay sagisag ng pagtatanggol ng Dios sa Kanyang katotohanan sa kasaysayan ng Kanyang iglesia laban sa 'limang' maling aral na iginiit ng hidwang pananampalatayang *Arminianism*. Ito ay ang (1) ***Free Will*** (may malayang pagpili ang tao sa kabila ng pagiging patay niya dahil sa kasalanan), (2) ***Foreseen Faith in Election*** (ang paghirang ng Dios ay nakabatay sa nakita Niyang pananampalataya sa tao), (3) ***For All*** (ang kamatayan ni Cristo ay para sa lahat), (4) ***Final Decision with Man*** (nasa tao ang 'huling pasiya' ng pagtanggap o pagtanggi sa pagliligtas ng Dios) at (5) ***Falling Away*** (nawawala ang kaligtasan). Ang lahat ng ito ay magiting na nilabanan at kinundina ng

aming mga Cristianong magulang sa *Synod of Dordt* ng Netherlands noong mga taong 1618-1619.

Ang bulaklak na '**Tulip**' para sa amin ay sagisag ng biyaya (*grace*) ng Dios sa kaligtasan. Nagkataon namang ito ang pambansang bulaklak ng Netherlands na bansang pinagdausan ng *Synod* ng mga Cristianong *Reformed* noong 1618-1619. Ang bawat titik ng salitang 'TULIP' ay siyang unang titik sa bawat 'doktrina ng biyaya' na positibong sumalungat sa limang kasumpasumpang aral ng *Arminianism*. Ang mga doktrinang ito ng biyaya ng Dios ay ang (1) ***T****otal Depravity* (Ganap na pagiging makasalanan ng tao), (2) ***U****nconditional Election* (Walang kundisyong pagpili ng Dios ng Kanyang ililigtas), (3) ***L****imited Atonement* (Ang kamatayan ni Cristo ay mabisa at laan lamang para sa Kanyang mga hinirang), (4) ***I****rresistible Grace* (Hindi matatanggihan ang kapangyarihan ng Dios sa pagliligtas sa makasalanan) at (5) ***P****reservation of the Saints* (Pagpapatuloy ng mga hinirang sa kaligtasan hanggang wakas). Ipinaglalaban ng mga doktrinang ito na ang Ebanghelyo ay Ebanghelyo ng 'Biyaya' ng Dios sa kaligtasan na sinasaad ng 'buong kapasiyahan ng Dios' (Gawa 20:24-27). Ito ay hindi kailanman batay sa gawa, kabutihan, kakayanan o karapatan ng tao na siya namang iginigiit ng mga hidwang pananampalatayang *Pelagian, Semi-Pelagian, Arminian* at mga mapagkompromisong *Calvinists,* na ang mga ito ang elemento at sangkap ng lahat ng huwad na relihiyon, 'cristiano' man o Pagano, na nakabatay sa tao ang kaligtasan at hindi sa walang kundisyong biyaya ng Dios. Ito rin ang tanda ng aming paninindigan na sinomang tumanggi at kumalaban sa lahat o alin man sa mga doktrinang ito ay sila ring tumatanggi at kumakalaban sa 'Biyaya' ng Dios bilang tanging batayan ng Kanyang pagliligtas na tanda ng kanilang tiyak na kapahamakan (Galacia 5:4; 2 Tesalonica 2:9-12).

Ang **'Bandila' (*Standard*)** naman ay sumasagisag sa presensya ng aming Hari at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo na pinangungunahan kami sa pagtatagumpay sa pakikibaka namin alang-alang sa Kanyang Ebanghelyo sa kapangyarihan at gabay ng Espiritu Santo. Ang tagumpay naming ito ay hindi nasusukat sa panlabas at makasanlibutang bunga, 'resulta' o sa 'dami' ng naniniwala sa aming mensahe, kundi sa katapatan ng aming pagpapahayag ng Ebanghelyo ng Biyaya ng Dios na ikaliligtas ng Kanyang mga hinirang at ikapapahamak ng mga tao na nang una pa ay itinakwil na: *Datapuwa't salamat sa Dios, na laging pinagtatagumapay tayo kay Cristo, at sa pamamagitan natin ay ipinapahayag ang samyo ng pagkakilala sa kaniya sa bawat dako. Sapagka't sa mga inililigtas, at sa mga napapahamak ay masarap tayong samyo ni Cristo sa Dios; sa isa ay samyo mula sa kamatayan sa ikamamatay; at sa iba ay samyong mula sa kabuhayan sa ikabubuhay. At sino ang sapat sa mga bagay na ito? Sapagka't hindi kami gaya ng karamihan na kinakalakal ang salita ng Dios: kundi sa pagtatapat at gaya ng mula sa Dios, sa harapan ng Dios ay nagsasalita kami para kay Cristo* (2 Corinto 2:14-17). *(ni Alex Aquino)*

---

***"Ang tagumpay naming ito ay hindi nasusukat sa panlabas at makasanlibutang bunga, 'resulta' o sa 'dami' ng naniniwala sa aming mensahe, kundi sa katapatan ng aming pagpapahayag ng Ebanghelyo ng Biyaya ng Dios na ikaliligtas ng Kanyang mga hinirang at ikapapahamak ng mga tao na nang una pa ay itinakwil na…"***





**ACT OF AGREEMENT**

We, the undersigned, Ministers of the Gospel and workers of the churches we represent, do hereby and in good conscience before the Lord declare by this our agreement to unite ourselves as a religious denomination bearing the name Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines on the sole basis of belief and persuasion to the only and true Gospel of God concerning our Lord Jesus Christ with all the doctrines and applications that it immediately entails. Thus, this only and true Gospel of God is defined:

> *The GOSPEL is God's promise to save His elect yet lost, defiled, hell-deserving sinners, freely give them all the benefits and blessings of salvation (including the subjective work of the Holy Spirit in them, which includes faith, repentance and sanctification unto good works and perseverance therein), and to entitle them to all of heaven and final glory based solely upon the righteousness of the Lord Jesus Christ freely imputed and received by God-given faith before they take the first step in seeking to serve the Lord in a way pleasing and acceptable to Him.*

We stand united in holding to the Scriptures' testimony to this Gospel as by nature absolute, with no other versions or forms. We detest and reject the notion that there is such a "highest form" as well as an "inferior form" of this Gospel and of the Christian system among professing Christians. In view of this, we are of one mind in pronouncing the Scriptural "anathema" on Pelagians, Semi-Pelagians, Arminians and tolerant Calvinists (the last of these counting Arminians and other heretics as saved and arrogantly holding that Calvinism is merely the highest form of the Christian doctrinal system and not THE true Christian system itself) on the ground that these believe and teach a false gospel which is no gospel at all (Galatians 1:6-9). We are obligated, however, to reprove and correct them and persuade them to believe God's only and true Gospel, perhaps He may show mercy to them.

Of the Gospel's immediate application on doctrine, we declare a united subscription that we believe and are persuaded that the accepted historical creeds and all the articles and point of doctrine, contained in the Belgic Confession and Heidelberg Catechism of the Reformed Churches, together with the explanation of some points of the aforesaid doctrine made by the Synod of Dordrecht (1618 - 1619), do fully agree with the Word of God.

*(continued on next page)*

*(continued from p.8 'Act of Ageement')*

We hereby further agree to adopt the same basic order and principles of Biblical worship in our churches, rendering the Word of God, by way of exposition and catechetical instruction, its central place, while constantly exercising caution to rid our churches of any introduction of man-centered elements in worship.

Furthermore, we agree to maintain the same church government in our local churches, adopting the same principles, structure and policies as set forth by the Bastion of Truth Reformed Church Order.

We agree, moreover, to extend Christian brotherhood and fellowship exclusively with individuals and churches who believe God's only and true Gospel and shall, therefore, withhold and avoid fellowship and refrain to speak peace to Arminians and tolerant Calvinists as commanded by Scripture (2 John 11).

We promise, therefore, to diligently and faithfully strive for unity among ourselves in the only and true Gospel of God's grace with its immediate bearing on doctrine, worship and church government. We shall not create any undue cause of disunity by our personal resentments, selfish ambitions, neglect, carelessness, disputatiousness and any trivial cause that may hamper, injure or destroy the Gospel cause and our labors as a denomination.

Henceforth, we shall strive to diligently and faithfully teach, defend and practice all the abovementioned without contradicting the same by our public preaching, writing and conduct, and if hereafter we should hold to beliefs and practices contrary to the contents of this agreement, we shall submit to the inquiry, admonitions and judgment of the ecclesiastical offices in accordance with the Bastion of Truth Reformed Church Order, under the penalty, in case of refusal to be suspended from our office.

Bastion of Truth Reformed Church of Quezon City
Bastion of Truth Reformed Church of Lucban
Bastion of Truth Reformed Church of Lipa City
Bastion of Truth Reformed Church of Antipolo City

April 26, 2004
Quezon City, Philippines

Alexander M. Aquino
Christian Joy B. Alayon
Regino P. Capinig
June F. Subior
Allan A. Faurillo
Reysanilito L. Alejo Jr.
Erwin Lagasca

Ronald R. Santos
Romel V. Espera
Jereson A. Vino
Emily Q. Aquino
Julianita B. Espera
Leny A. Nayat
Milagros I. Santos

(mula sa pahina 3 … 'Isang Kislap …')

Natuklasan nila na may iba't-ibang uri pa ng mga Kristiyanong *Reformed*. Mayroong mga *'tolerant Calvinists'* at mga tunay na *Calvinists* (o '*Reformed'*). Ang kanilang natuklasan ay nagbunsod sa kanila na ihambing ang aral ng *Calvinistic Baptists* na ito sa paninindigan ng makasaysayang *Reformed faith*. Ang naging pangunahing kontrobersiya ay ang pagturing ng mga nagsasabing "*Reformed*" na ito na ang mga "*Arminian Christians*" ay ligtas sa kabila ng paniniwala nila sa mga kamalian na tahasang umaatake sa katotohanan ng Ebanghelyo.

> ***"…anomang sistema ng paniniwala na ang tao ay may kahit gatuldok na bahagi sa kanyang kaligtasan ay "ibang ebanghelyo" (Galacia 1:6-9) na kasuklamsuklam sa Dios at hindi nakapagliligtas."***

Samantalang ang grupong nanggaling sa kamalian ng *Pentecostalism* ay nanindigan na anomang sistema ng paniniwala na ang tao ay may kahit gatuldok na bahagi sa kanyang kaligtasan ay "ibang ebanghelyo" (Galacia 1:6-9) na kasuklamsuklam sa Diyos at hindi nakapagliligtas. Dahil dito ay pinaratangan ang grupo na mga 'arogante,' 'mapanghusga,' *hypercalvinists*, *rigid-Calvinists*, *extreme* at 'salat (umano) ang puso sa biyaya ng Diyos'. Ito ang naging hudyat sa grupo, sang-ayon sa pasiya ng kanilang budhi, na gawin ang isang makatuwiran at panibagong "exodo".

**Bigkis ng Tunay na Ebanghleyo.**

Lalong naging malinaw para sa maliit na kilusang ito na iisa lamang ang pinatatahak na landasin ng Panginoon sa kanila. Sandaling nagkaibaiba ng sitwasyon ang bawat isa subalit iisang Ebanghelyo lamang ang nagbibigkis sa kanila. Bago tuluyang nilagdaan ang kasunduan, naging malinaw muna sa bawat isa na ang pagkakaisa nila ay batay lamang sa nag-iisa at totoong Ebanghelyo kalakip ang tatlong aspetong kaugnay nito sa buhay ng bawat simbahan. Susundin ng bawat kaisang simbahan ang *Reformed Church Government*, *Reformed Worship* at *Reformed Doctrine* na ipinapahayag sa mga makasaysayang pananampalatayang ekumeniko, sa *Belgic Confession*, *Heidelberg Catechism* at *Canons of Dordt.*

Ang pangyayaring ito ay hindi ngayon makatawag-pansin sa lipunan, ni sa pagkilala ng "kristiyanismo" sa Pilipinas, subalit ito'y isang malaking hakbang alang-alang sa adhikain ng Repormasyon ng *16th Century* na sinikap na panumbalikin sa tunay na Ebanghelyo ang mga iglesia at indibidwal na nagsitalikod dito. Isa itong maliit na kislap na magpapatuloy sa maliyab na pakikipagtunggali ng Banal na binhi laban sa mabangis na binhi ng diablo (Genesis 3), sa matuwid na daan ni Abel laban sa marahas na landas ni Cain, sa maluwalhating kaliwanagan laban sa pusikit na kadiliman, sa katotohanan laban sa kabulaanan, sa hindi mapipigil na pananagumpay ng Diyos laban sa hangal at bigong pagmamataas ng tao! Ito nga ang aming layunin habang hinihintay namin ang maluwalhating araw na ganap na papagtagumpayin at pararangalan ng Diyos ang Kanyang katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang iglesiang hirang. ꩜

---

***"…Hindi ako pahihintulutan ng panahon upang mabanggit ang lahat ng iba't ibang utos na inilalapat ng tinig ni Cristo sa budhi, subalit mayroong isang namumukod-tanging utos na palaging nangungusap, sa madali't maglaon, sa bawat isang may takot sa Dios at hindi ko ito maaaring palampasing banggitin, at ito ay, 'Magsialis kayo sa kanila at magsihiwalay kayo' (2 Cor. 6:17)."***

***~ J.C. Philpot***

Mula sa kanyang mensahe: "*The Heir of Heaven Walking in Darkness and the Heir of Hell Walking in Light*"

## Understanding Theological Terms

### *“Sovereignty of God”*

**Ang *Sovereignty*** ng Diyos ay ang Kanyang ‘ganap’ o *absolute* na karapatan at pamamalakad sa lahat ng mga bagay. Ang pagsasabing ang Diyos ay ***sovereign*** ay pagsasabi ring ang ‘Diyos ay Diyos.’ Dahil sa Siya ay Diyos, magagawa Niya lahat na Kanyang naisin at ibigin, iyon LAMANG Kanyang naisin at ibigin at PALAGING iyon lamang Kanyang naisin at ibigin. Walang bagay na nangyayari na lingid sa Kanyang kalooban. Lahat ay nangyayari ayon sa Kanyang kapasyahan at pagtatakda. Ang kahulugan ng *Sovereignty* ay ang Diyos ang may karapatan sa lahat ng mga bagay at sa lahat ng mga nilalang. Walang bagay o sinoman ang hindi nasasakop ng Kanyang pamamalakad. Ang Diyos ang namamalakad sa mga tao at mga anghel, sa panahon at kasaysayan, sa sanlibutan at sa iglesia. Ang pamamalakad ng Diyos ay hindi lamang sa mga bagay na itinuturing nating ‘mabuti’ kundi pati na sa mga bagay na ‘masasama’ tulad ng sakit, taggutom, baha, bagyo, ipo-ipo, lindol o anomang uri ng kalamidad. Siya ay *Sovereign* din sa mga makasalanan, sa Diablo at sa mga dimonyo. Siya ay *Sovereign* din sa pagliligtas. Inililigtas Niya yaon lamang nais Niyang iligtas at walang sinoman at anomang kapangyarihan ang makapipigil sa Kanyang kapangyarihang magligtas, kahit na ang katigasan ng puso ng makasalanan o kaya’y ang paghadlang ng Diablo pati na ang paglaban ng makasalanang sanlibutan. Lahat ng mga ito ay tiklop sa *Sovereignty* ng Diyos!

(***Note***: Ang salitang *Sovereignty* ay isa sa maraming ‘theological words’ na walang ‘eksaktong’ katumbas sa wikang Tagalog, kaya sa mga ganitong pagkakataon ay mas mabuti pang gamitin ang katagang nakasanayan sa wikang Ingles.)

## *Beware: False Gospel!*

**Tandaan** na iisa lamang ang Ebanghelyo na ipinagkaloob ng Diyos sa ikaliligtas ng mga sumasampalataya at anomang katuruan na nag-aangkin sa tawag na *ebanghelyo* ngunit sumasalungat naman sa kahit isang maliit na katotohanan sa tunay na Ebanghelyo ng Biyaya ng Diyos ay tinatawag ng mga apostol na bulaang ebanghelyo at itinuturo ng mga bulaang mangangaral! Buong kaseryosohang sinabi ni apostol Pablo, *“Subalit kahit kami, o isang anghel mula sa langit ang mangaral sa inyo ng ebanghelyo na **iba** sa aming ipinangaral sa inyo, ay hayaan siyang sumpain! Gaya ng aming sinabi noong una, at muli kong sinasabi ngayon, kung ang sinoman ay mangaral sa inyo ng ebanghelyo na **iba** kaysa inyong tinanggap na ay hayaan siyang sumpain!”* (Galacia 1:8-9). Nagbigay siya ng babala sa mga namumuno sa iglesia sa Efeso na *“Ingatan ninyo ang inyong sarili at buong kawan …alam ko na sa pag-alis ko ay papasok sa kalagitnaan ninyo ang mababangis na asong-gubat na walang patawad sa kawan; at lilitaw mula sa inyo na ring kasamahan ang mga taong magsasalita ng mga bagay na **lihis*** (lihis sa *ebanghelyo ng biyaya ng Diyos v.24), upang akitin ang mga alagad na sumunod sa kanila.”* (Gawa 20:29-30), at sinabi niya sa mga taga-Corinto na ang bulaang guro ay mangangaral sa kanila ng **ibang jesus**, *ibang espiritu* at ***ibang ebanghelyo*** (2Corinto 11:4)**!**

Kaya sa bawat isyu ng **THE BASTION OF TRUTH** ay ihahantad namin sa mga mambabasa ang mga *‘aral ng mga demonyo’* na bumibihag sa napakaraming mga tao. Ang layunin ng lathalain ay maingatan *ang iglesia ng Diyos na binili niya ng kanyang sariling dugo*.

*- Ronnie Santos*

The Bastion of Truth

**The Bastion of Truth** is a newsletter published bi-monthly as a ministry of the Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines. Copies may be obtained from the nearest local B.T.R. Church.

## BTRC Directory

***Bastion of Truth Reformed Churches in the Philippines, Inc.***
SEC Reg. No. — CN 200301060
Main Office: 146 Batasan-San Mateo Rd., Batasan Hills, Quezon City

***Bastion of Truth Reformed Church of Batasan Hills***
146 Batasan-San Mateo Rd., Batasan Hills Quezon City
Tel.No. 430 61 50
Contact Person: Pastor Romel Espera
Cell No. 09228049834

***Bastion of Truth Reformed Church of Antipolo***
39 Main St., Sitio Oreta, San Isidro, Antipolo City
Contact Person: Pastor Alex Aquino
Cell. No. 09197868628

***Bastion of Truth Reformed Church of Lipa City***
0703 Zone 5, Banay-Banay, Lipa City
Contact Person: Pastor Regine Capinig
Cell. No. 09187288917

***Bastion of Truth Reformed Church of Lucban***
Acacia St., Country Side Subd.
Lucban, Quezon
Contact Persons: Pastor Ronald Santos
Cell. No. 09272443057
Meo Ibarrola
(042) 540-4595

## Announcement

### FEBRUARY 6

**Markahan ang inyong *2005 Calendars:***

### *B.T.R.C. Synchronous Membership Services*

Iisa lamang ang naging pagkilos sa atin ng Dios. Iisang Ebanghelyo lamang ang naging kasangkapan Niya sa pagtawag sa atin upang tuparin ang Kanyang layunin na ibilang tayo sa iglesiang Kanyang hinirang at tinubos ng dugo ng Kanyang Anak. Ngayon ay pormal nating ipapahayag ang ating pagtatalaga sa Kanyang banal na iglesia bilang mga miyembro ng bawat *Bastion of Truth Reformed Church* sa okasyon ng sabay-sabay na pagdaraos ng ating *Membership Services* sa **February 6, 2005** (*Lord's Day*). Puspusan at buong katalinuhan po natin itong paghandaan at ipanalangin. Sumangguni agad sa inyong pastor para sa mga detalye.

***Editorial Staff:***

*Ptr. Ronald R. Santos, Ptr. Romel V. Espera, Ptr. Alexander M. Aquino, Ptr. Regino P. Capinig*

***Office:*** *146 Batasan-San Mateo Rd., Batasan Hills, Quezon City*
*430-61-50*